

# “Ang Laman ay Nagnanasa Laban sa Espiritu”

## 21

### *Mula sa Kaluwalhatian tungo sa Kaluwalhatian*



Ang pagbuo ng pagkatao ay sinasabing ang pinakamahalagang gawain na ipinagkatiwala sa sangkatauhan. Sa susunod na oras, ating sisiyasatin ang ating pribilehiyo at pananagutan upang maging katulad ni Kristo sa karakter. Samahan ninyo kami ngayon sa makapangyarihang sandali ng personal na pagbabago habang tayo ay ginagabayan ni Pastor Stephen Wallace "Mula sa Kaluwalhatian tungo sa Kaluwalhatian."

Magandang gabi mga kaibigan; ikinagagalak kong makita kayo rito ngayong gabi. Salamat sa paggawa ng pagsisikap na dumalo at magpatuloy na **masigasig na pag-aralan ang pinakamahalagang gawain na ipinagkatiwala sa mga tao, ang pagtatayo ng karakter.** {Ed 225.3} Nagkaroon tayo ng malaking araw kahapon at nakatuon tayo sa ating kooperatibong gampanin; iyon ay ang pamamahala ng isipan. Ang ating kooperatibong gampanin ay marahil pinaka-maikling at tumpak na nabuod sa mga salita ng matalinong tao, "**panatilihin ang iyong puso nang buong sikap.**" {Prov 4:23} Tama lang iyan. "**... kung ano ang iniisip ng tao sa kaniyang puso, gayon din siya.**" {Prov 23:7} Makatuwiran lang iyan, **kung ano ang iniisip ng tao sa kaniyang puso, gayon din siya** sapagkat naroon ang karakter, kung saan ang puso ay ang pag-iisip at damdamin na sumasaklaw sa mga kaisipan at saloobin. At **ang pinagsamang mga kaisipan at damdamin ang bumubuo ng moral na karakter.** {5T 310.1} Samakatuwid, kung tayo ay **mababago sa pamamagitan ng pagbabago ng ating isipan** {Rom 12:2}, kung matututunan nating mag-isip at makaramdam tulad ni Jesus, na siyang tunay na kahulugan ng pagtatayo ng karakter, kailangan nating matutuhan na "**panatilihin ang puso nang buong sikap.**" Makatuwiran lamang iyon.

At napag-alaman natin na itinakda na sa atin ng Salita ng Diyos ang layunin ng pamamahala ng pag-iisip. **Dapat nating dalhin ang ano? "Bawat kaisipan sa pagkaalipin sa pagsunod kay Cristo."** {2 Cor 10:5} Iyan ay isang mataas na pamantayan. Nakaririnig ba ako ng "amen"? {Amen} Iyan ay isang mataas na pamantayan. At napansin natin ang ilang mga dahilan kung bakit tungkulin natin - hindi natin marepaso ang mga iyon - na **panatilihin ang puso nang buong sikap.** Ngunit napagtanto natin sa mga pag-aaral na iyon na imposible ito para sa natural na tao. Sa katunayan, ang natural na tao ay hindi makapagdadala kahit isang kaisipan sa pagkaalipin sa pagsunod kay Cristo. Paano natin nalaman iyan? Dahil sa sinasabi ng Kasulatan. "**Ang laman ay,**" ano? "**...pakikipag-away laban sa Diyos, ito ay hindi napapasailalim sa kautusan ng Diyos, ni hindi rin maaari.**" {Rom 8:7}

Ano ang solusyon? Mga minamahal kong kaibigan, ang tanging paraan lamang para magawa nating "**panatilihin ang puso nang buong sikap,**" ay sa pamamagitan ng pagkakaroon ng isang bagong puso, amen? {Amen} Ngunit napagtanto rin natin na hindi tayo magkakaroon ng bago maliban kung hihingin natin ito, at hindi natin ito hihilingin maliban kung makikilala natin ang ating pangangailangan. Kaya... Naglaan tayo ng panahon upang **hayaang ang batas ang ating tagapagturo** {Gal 3:24}, hindi ba? Hinayaan nating tanglawin nito ng ilaw ang kaibuturan ng ating pagkatao, at ilantad sa atin ang ugat ng suliranin ng kasalanan. Mabuti tayo sa pagkilala ng bunga dahil nasa larangan ito ng pag-uugali kung saan nakikita. Ngunit ang ugat ay nasa ilalim ng ibabaw, at nangangailangan ng espirituwal na pang-unawa upang makita sa ilalim. **Ang makasariling puso na ating minana ang siyang ugat.** {LHU 326.4} At kapag natuklasan natin ang ugat, nakikita natin ang kabuuan ng suliranin ng kasalanan.

At kapag nakita mo ang kabuuan ng suliranin ng kasalanan, hahanapin mo ang kabuuan ng solusyon sa kasalanan.

**At habang itinutulak tayo ng batas, hinihila tayo ng Kordero. {1 SM 341.2} At kapag dumating tayo sa paanan ng krus, sisigaw tayo kasama ni David, hindi lang para sa kapatawaran sa ating mga kasalanan, ngunit ano pa? "Likhain mo sa akin ang isang malinis na puso, O Diyos, at baguhin mo ang isang matuwid na espiritu sa loob ko." {Aw 51:10} Diyan tayo nagtapos.**

Pagpalain ang inyong mga puso, marami sa inyo, kung hindi man lahat, ay lumapit, gaya ng aming imbitasyon sa inyo, bilang tanda ng inyong pagnanais para sa bagong pusong iyon. At para sa lahat ng taos-pusong naghahanap ng pusong iyon, alam kong tinupad ng Diyos sa inyo ang Kanyang pangakong bagong tipan. Ito ay may dalawang bahagi: **"Isusulat Ko ang Aking kautusan,"** saan? **"...sa kanilang puso at sa kanilang isipan."** {Heb 8:10} - mga kaisipan at damdamin - **"...at ang kanilang mga kasalanan at mga gawang laban sa batas ay hindi Ko nang aalalahanin pa."** {Heb 8:12} Tingnan ninyo, tinutugunan ng pangakong bagong tipan ang dalawang pangangailangan: Kapatawaran para sa mga kasalanan, ngunit isang bagong puso upang tulungan tayong magtagumpay laban sa KASALANAN, ang makasariling likas na iyon.

Saan tayo pupunta ngayong gabi? Mayroon tayong napakahalagang pag-aaral ngayong gabi, pagpalain ang inyong mga puso. Kailangan nating tumuon at kilalanin ang salik ng pagtutol na kailangan nating harapin kahit bilang muling isinilang na mga Kristiyano, kung mapapanatili natin ang puso nang buong sikap at mababago sa pamamagitan ng pagbabago ng ating pag-iisip. May isang salik ng pagtutol. Ano ito? Maaaring magbigay sa iyo ng magandang pahiwatig ang pamagat ng pag-aaral: "Ang Laman ay Nagnanasa Laban sa Espiritu." Ano ang ibig sabihin nito? Iyan ang paksang hinaharap. Ngunit ang mga bagay na espirituwal ay, ano? Espirituwal na nakikilala. Kaya bago tayo magpatuloy, bago natin buksan ang Salita ng Diyos, ano ang dapat nating gawin sandali? Buksan ang ating mga puso at anyayahan ang Espiritu ng Diyos na pumasok. Samahan ninyo ako, gaya ng ating nakasanayan, na lumuhod sandali. At habang nananalangin kayo para sa inyong sarili, hinihiling ko ang inyong mga panalangin. Ipanalangin ninyo ako.

*Aking Ama sa langit, sa pangalan ni Hesukristo, ako ay muling lumalapit para sa aking sarili at para sa aking mga kapatid na binili ng dugo, una sa lahat upang pasalamat ka sa pribilehiyong tawagin Kang Ama. Napakabuti na mapabilang sa Iyo. Napakabuti Mo sa pag-aalaga sa Iyong mga anak. Ngunit Ama, lumalapit kami upang hanapin ang pinakamahalagang regalo sa ngayon, at iyon ay ang regalo ng Banal na Espiritu. Ibuhos Mo ito sa amin. Kailangan naming maunawaan kung ano ang sumasalungat sa amin sa aming paghahanap ng katangian na katulad ni Cristo, ngunit upang magawa iyon ay kailangan namin ng pang-unawa sa espirituwal. Kaya Ama, ibuhos Mo ito sa amin, ang Banal na Espiritu na tanging makapagpapabuhay at makapagpapalakas sa aming mga kaisipan at kakayahang espirituwal at makapagbibigay-daan sa amin upang maunawaan ang katotohanan sa pag-iisip, yakapin ito nang may pagmamahal, at sumuko rito nang may kalooban. Ama, sa pamamagitan ng himala ng biyaya, kunin Mo ang hamak na sisidlang-lupa at hayaan Mong maging isang daluyan ako ng pagpapala ng katotohanan. Ipagkaloob Mo ang panalanging ito, sapagkat hinihiling ko ito sa pangalan ni Hesus. Amen.*

Ang bagong puso na natatanggap natin kapag humingi tayo sa paanan ng krus ay maaaring mapanatili. Amen? {Amen} Ito ay maaaring pamunuan, purihin ang Diyos. May isang pahayag na nais kong ibahagi sa inyo sa dulo ng Aralin 20, ngunit naubusan ako ng oras, gaya ng nakagawian. Matatagpuan ito sa ibaba ng pahina 44. **Review and Herald, Mayo 17, 1887: "Kapag nakasulat ang kautusan ng Diyos sa puso, ito ay maipapakita sa isang dalisay at banal na pamumuhay. Ang mga utos ng Diyos ay hindi patay na titik. Ang mga ito ay espiritu at buhay, dinadala ang mga pantasya at maging ang mga kaisipan sa pagpapasakop sa kalooban ni Cristo. {2 Cor 10:5} Ang**

**pusong pinagsulatan nito ay pamamahalaan nang buong sikap; sapagkat mula rito nanggagaling ang mga bagay ng buhay." {Prov 4:23}**

Aling puso lamang ang maaaring pamahalaan nang buong sikap? Tanging ang bagong pusong pinamumunuan ng kautusan o espiritu ng pag-ibig. Tanging ang gayong puso ang maaaring pamahalaan nang buong sikap. Ngunit dapat kong bigyang-diin, mga minamahal kong kaibigan, na kahit ang isang bagong puso ay nangangailangan ng buong sikap upang pamahalaan. Ito ay nangangailangan ng ano? Buong sikap. Nakikita ninyo, sa unang pagkakataon, mayroon na tayong kakayahang pamunuan ang ating mga kaisipan at damdamin kapag natanggap natin ang bagong pusong ito. Ngunit pakiusap na unawain na hindi ito madali o kusang mangyayari. Kinakailangan pa rin ito ng ano? Buong sikap.

Kahit ang bagong puso ay nangangailangan pa rin ng buong sikap upang pangasiwaan dahil sa nananatiling salik ng pagtutol na tinatawag na "laman." Bagama't hindi na ito namamahala, ang laman ay kumakalaban pa rin sa Espiritu, kaya kinakailangan ang buong pagsisikap para mapamahalaan ang mga kaisipan at damdamin maging ng bagong puso."

Ang pamagat ng ating pag-aaral ay "Ang Laman ay Nagnanasa Laban sa Espiritu," at ito ay mula sa **Galacia 5:17**. Basahin natin ang talatang iyan, simulan natin sa **taludtod 16**: sinasabi ni Pablo, "**Sinasabi ko nga: Magsilakad kayo sa Espiritu;**" Sandali lang po: "**Magsilakad kayo sa Espiritu.**" Sino ang malinaw na kinakausap niya sa payo na iyan? Iyong mga ipinanganak sa Espiritu, tama? Walang makakalakad kung hindi ipinanganak. Hindi ka makakalakad sa Espiritu kung hindi ka ipinanganak sa Espiritu. Kaya kinakausap ni Pablo ang mga naglakbay sa paanan ng krus, gaya ng ginawa natin kahapon, itinaboy ng kautusan, hinila ng Kordero, at taos-pusong sumigaw, "**Likhain mo sa akin ang isang malinis na puso, O Diyos, at baguhin mo ang isang matuwid na espiritu sa loob ko.**" {Aw 51:10} Kinakausap niya ang mga muling ipinanganak, at tumanggap ng bagong puso. Tanging sila ang may kakayahang lumakad sa Espiritu. Magkakasama ba tayo? Tandaan ang susunod na linya: "**Sinasabi ko nga, Magsilakad kayo sa Espiritu at hindi ninyo** " - *bigyang-katuparan* - ? "**... ang pagnanasa ng laman?"** Iyan ba ang sinabi niya?

Huwag n'yo akong hayaang gawin 'yan, pagpalain ang inyong mga puso. Bantayan n'yo akong mabuti - panagutin n'yo ako sa tamang pagbabasa ng Kasulatan. Iyan ba ang sinabi niya? *Lumakad sa Espiritu at hindi mo MAGKAKAROON ng pagnanasa ng laman?*

Hindi, sinasabi niya, "**Lumakad sa Espiritu at hindi mo,**" ano? "**... magaganap ang pagnanasa ng laman.**" May pagkakaiba ba? Oo, may pagkakaiba. Ano ito? Mga minamahal kong kaibigan, ito ang simpleng katotohanan na ang ipinanganak na muling Kristiyano ay may mga pagnanasa pa rin ng laman. Ngunit purihin ang Diyos, ang ipinanganak na muling Kristiyano ay hindi na kailangang tuparin ang mga ito. Amen? {Amen} Pakikilala na kapag tayo ay ipinanganak na muli, magkakaroon tayo ng dalawang pagkatao. Nauunawaan niyo ba ito? Noong tayo ay ipinanganak sa unang pagkakataon, mayroon lamang tayong ano? Isang pagkatao, ito ang makalamang na pagkatao. "**Ang ipinanganak sa laman ay laman,**" {Juan 3:6} at iyon lang ang pagkatao natin hanggang tayo ay ipinanganak na muli. Pagkatapos, "**Ang ipinanganak sa Espiritu ay espiritu.**" {Juan 3:6} Ngunit pansinin na kapag tayo ay nagkaroon ng espirituwal na pagkatao, mayroon pa rin tayong makalamang o karnal na pagkatao. Hindi na tayo ang pag-aari nito, ngunit mayroon pa rin tayo nito. Hindi na ito naghahari, ngunit maniwala kayo na nananatili pa rin ito. Magkasundo ba tayo dito?

Pansinin kung gaano kalinaw inilalabas ito ni Pablo. At pakitandaan, siya ay nagsasalita tungkol sa karanasan ng ipinanganak na muling Kristiyano sa talatang ito. "**Lumakad sa Espiritu, at hindi mo matutupad ang pita ng laman. Sapagkat ang laman ay nagnanasa laban sa Espiritu, at ang Espiritu ay laban sa laman; at ang mga ito ay magkasalungat sa isa't isa, upang hindi ninyo magawa ang mga bagay na nais ninyo.**" {Gal 5:16-17}

Ngayon, pansinin ko ang isang bagay para sa inyo rito. Sa Griyego, ang pandiwa na isinalin bilang "nagnanasa," ano sa palagay ninyo ang panahunan nito? Ang pangkasalukuyang aktibong panahunan. Sa madaling salita, literal na sinasabi ni Pablo tungkol sa Kristiyano: "**Sapagkat ang laman ay,**" ano? "**patuloy na nagnanasa laban sa Espiritu, at ang Espiritu ay patuloy na nagnanasa laban sa laman.**"

Ngayon, pakinggan n'yo ba ang sinabi ko? Ang Espiritu ay patuloy na ano? Nagnanasa. Pakiintindi ang isang napakahalagang bagay dito. Kapag ginagamit natin ang salitang ito, pagnanasa, karaniwan nating iniisip ang pagnanasa sa laman, hindi ba? Ngunit sa Griyego, at sa wikang Griyego, bagama't malinaw na ginamit sa ganitong bagay, ito ay may mas malawak na kahulugan, at ito ay nangangahulugan lamang ng matinding pagnanasa. Ito ay nangangahulugan lamang ng ano? Matinding pagnanasa, damdamin. Kaya sinasabi ni Pablo na **ang Espiritu ay nagnanasa laban sa laman.** Ang Espiritu ay may matinding pagnanasa - ang espirituwal na pagkatao, ang bagong puso. At ang makalamang na pagkatao ay may matinding pagnanasa, at ang mga ito ay ano? "**Magkasalungat sa isa't isa.**" Ano ang ibig sabihin ng salungat? Magkabilang dulo, sila ay ganap na magkasalungat. At tayo bilang mga Kristiyano, mga minamahal kong kaibigan, ay kailangang harapin ang pagsasalungatang ito. Tumatanggap tayo ng bagong puso na may bagong pagnanasa, ngunit mayroon pa rin tayong lumang pagkatao na sumasalungat sa mga bagong pagnanasang ito. Nakakasunod ba kayo? Patuloy na sumasalungat sa mga bagong pagnanasang ito, at kailangan nating kilalanin ang pagsasalungatang ito, at higit sa lahat kailangan nating matutunang malampasan ito. Kailangan nating matutunang tanggihan ang "**pagtupad sa mga pagnanasa ng laman.**" Mayroon pa rin tayo nito, ngunit purihin ang Diyos hindi na natin kailangang ano? Tuparin ang mga ito, sumuko sa mga ito, magpadaig sa mga ito.

At siyanga pala, dito talaga nagmumula ang tukso. Ito ang mababang, tiwaling pagkatao na tinatawag na laman. Napapasailalim ba sa tukso ang Kristiyano? Oo naman. At saan nagmumula ang tukso? **Santiago 1 {talata 14} "Ang bawat isa ay natutukso kapag siya ay naaakit at nahihikayat ng kanyang sariling mga pagnanasa." "Kanyang sariling mga pagnanasa."** Oo, kasangkot si Satanas, tiyak. Ngunit tinutukso tayo ni Satanas sa pamamagitan ng pagpapasigla at pagpapagalaw sa mga makasariling, baluktot na pagnanasa at pagkagusto ng ating mababang pagkatao. At iyan ang dapat nating gawin sa puntong ito.

Tiyakin nating nauunawaan natin kung ano ang "**laman**" na ito, ha? **...na nagnanasa laban sa Espiritu.** Ano ang lamang ito? Ito ba ang mga bagay na nakakapit sa aking mga buto sa gayong payat na balot? Iyan ba ang tinutukoy niya, ang literal na laman? Hindi. Ngayon tandaan, ito ay may malapit na kaugnayan sa mga bagay na ito, malapit na maiuugnay sa mga bagay na ito, ngunit hindi ito katumbas ng mga bagay na nakakapit sa aking mga buto. Ano ito? Narito ang isang inspiradong kahulugan na kasinghalaga ng ginto ng aklat kung saan ito matatagpuan. Ang aklat ay **Adventist Home, pahina 127.** Makinig mabuti: "**Ang mga mababang pagnanasa ay nakaluklok sa katawan at gumagawa sa pamamagitan nito.**" Huminto.

Nakikita ba ninyo kung bakit sinasabi kong ito ay malapit na maiuugnay sa mga bagay na ito? **Ang mga mababang pagnanasa ay may ano? Kanilang luklukan sa katawan at gumagawa sa pamamagitan nito.**

Magpatuloy sa pagbabasa: "**Ang mga salitang 'laman,'**" mga panipi, o "**makalamanin,**" muli sa mga panipi, "**o 'makalamang na pagnanasa,'**" muli sa mga panipi, "**ay sumasaklaw sa mababang tiwaling pagkatao, ang laman,**" hindi sa mga panipi, itong literal na bagay, "**... ang laman sa kanyang sarili ay hindi makakakilos ng labag sa kalooban ng Diyos.**" Nakita ba ninyo ang sinabi sa atin doon? Itong literal na bagay ba na nakakapit sa aking mga buto ay makakakilos ng labag sa kalooban ng Diyos? Hindi. Ngunit paano naman ang "laman" sa mga panipi? ...na may luklukan sa katawan at gumagawa sa pamamagitan nito - sa pamamagitan ng sistemang hormonal, sa pamamagitan

ng sistemang nerbiyos. Mayroon ba itong kakayahang kumilos ng labag sa kalooban ng Diyos? Mga minamahal kong kaibigan, iyan lang ang ginagawa nito. Ito ay hindi mababago ang pagsalungat sa kalooban ng Diyos, dahil ito ay likas na makasarili. Nakuha ba ninyo iyon?

Ang ating likas, mababang pagkatao na ating natatanggap bilang karapatang taglay mula sa ating mga magulang na nahulog, ay tiwali. At **ang diwa ng kasamaan ay ano? Pagkamakasarili.** {ST, **Disyembre 25, 1901 par. 9**} Nang ang pagkataong pantao ay naging tiwali, nagkaroon ng **moral na kaguluhan** {1MCP 228.1}, isang pagkabaluktot ng lahat ng ating mga kakayahan. Ito ay tinatawag na kasamaan. At lahat ng mga kahanga-hangang kakayahang kawangis ng Diyos na ito na, bago ang pagkahulog ay ginamit upang bigyang kasiyahan at luwalhatiin ang Diyos, at tanging may layunin lamang na gawin ito, nang sila ay naging tiwali, nang sila ay nahawaan at nagkaroon ng moral na kaguluhan dahil sa pagkamakasarili; sila ngayon ay likas na nakahilig sa pagbibigay kasiyahan at pagluluwalhati sa sino? Sarili! Sarili.

At kailan nangyari iyon? Nangyari iyon 6,000 taon na ang nakalilipas sa Hardin ng Eden. 6,000 taon na ang nakalilipas. Ngayon, subukan nating unawain ito. Napakahalagang gawin ito. Ang tao ay laging may mababang pagkatao, maging bago ang pagkahulog. Ang tao ay may mababang, o pisikal na pagkatao. Ibinabahagi niya ito sa kaharian ng mga hayop. Ngunit ang tao ay naiiba sa kaharian ng mga hayop sapagkat binigyan siya ng Diyos ng mas mataas na pagkatao, na siyang gumawa sa kanya sa wangis ng Diyos, sa paraang hindi tulad ng kaharian ng mga hayop. At ang mas mataas na pagkataong ito ay sumasaklaw sa budhi ng tao, kakayahan ng tao na mangatwiran, maggunita, magsuri, gumawa ng mga desisyon batay sa kanyang pag-unawa sa kalooban ng Diyos. Ang mga ito ay pawang mga gawain ng kanyang mas mataas na pagkatao. At ang tao sa kanyang mas mataas na pagkatao, ay dapat pamahalaan ang kanyang mababang pagkatao, at panatilihin ito sa pagkakaisa sa kalooban ng Diyos. At hangga't ang mas mataas na pagkatao ng tao ay nananatiling nagpapasakop sa kapangyarihan ng Diyos, siya ay may kakayahang mapanatili ang ganap na kontrol sa kanyang mga pagnanasa at damdamin. At siya ay sumusunod lamang sa mga ito sa mga legal na paraan, na naglilingkod lamang sa kanyang kalusugan at kaligayahan. At iyan ang paraan na ninais ng Diyos na laging maging katulad ng tao. Nauunawaan ba ninyo ang larawang ito? Ang tao ay walang baluktot na mga pagnanasa o damdamin at sa kanyang mas mataas na pagkataong nagpapasakop sa Diyos, siya ay may ganap na kontrol sa kanyang mga pagnanasa at damdamin ng kanyang mababang o pisikal na pagkatao.

Ngayon, ano ang nangyari sa pagkahulog? May napaka-radikal na nangyari sa pagkahulog. Ano ito? Buweno, dumating si Satanas sa ating unang mga magulang at tumawag sa tatlong kategoriya ng mga pagnanasa sa mababang pagkataong iyon. Natatandaan ninyo tinala natin ito kanina, **Genesis 3:6: "Nakita ng babae na ang puno ay mabuti para sa pagkain,"** ano iyon? **Pagnanasa ng laman** {1 Juan 2:16}, iyan ang naging pagnanasa ng laman. **"... kaaya-aya sa mga mata,"** ano iyon? Pagnanasa ng... Ang naging **pagnanasa ng mga mata**, pagkatapos ng pagkahulog. **"... at kanais-nais upang magpadunong sa isa,"** ano iyon? Iyan ngayon ay ang naging, pagkatapos ng pagkahulog, **kapalaluan ng buhay.**

Ngunit nang umapela si Satanas sa mga iyon sa pagkatao bago ang pagkahulog, hindi sila tiwali, hindi ba? Hindi sila makasarili o makasalanan. Magkasama ba tayo dito? Ngunit, nang nagtagumpay siyang mahikayat siya na pagbigyan ang mga pagnanasang iyon sa tatlong lugar na iyon, sa paraang ipinagbabawal ng Diyos, iyon ay sa pamamagitan ng **pagkain ng ipinagbabawal na bunga** {Genesis 3:17}, ano ang nangyari sa mga pagnanasang iyon? Dalawang bagay:

Sila ay naging tiwali, moral na naguluhan dahil sila ay nahawaan ng espiritung ito o prinsipyo ng pagkamakasarili.

At pangalawa, sila ay nagkaroon ng pangigingibaw sa pagkataong pantao.

Anong dalawang bagay ang nangyari sa pagkahulog? Ang mababang pagkatao ay naging tiwali; ito ay naging mababa, tiwaling pagkatao. At pangalawa, ano ang nangyari? Ito ay nagkaroon ng pangingibabaw sa pagkataong pantao. At ngayon tayo ay kung ano ang sinasabi ng Bibliya, isip-makasalanan. Ano ang ibig sabihin niyon? Ibig sabihin nito na ngayon tayo ay sumusunod, o iniisip, ang mga utos ng laman. Tayo ay pinapahirapan ng mababa, tiwaling pagkataong ito. Dahil mula nang pagkahulog, hindi lamang ito naging tiwali, kundi ito ay **nagkaroon ng pangingibabaw.** {AH 64.3} Magkakasama ba tayo? Ngayon, ganyan ang paraan ng pagkapanganak nating lahat sa mundong ito ayon sa kalikasan. Tayo ay ipinanganak na may pagkatao ng laman, ang makasarili, likas na naguluhan, moral na naguluhan, tiwaling pagkatao, tayo ay ipinanganak na may pangingibabaw sa ating mas mataas na mga kakayahan. At bagama't mayroon pa rin tayong mas mataas na mga kakayahan, isang budhi halimbawa, wala tayong kakayahang magkaroon ng pangingibabaw sa ating pagkatao ng laman sa ating sarili. Wala tayo ng kapangyarihang iyon. **Kung wala Siya ay wala tayong magagawa,** ano? **Wala.** {Juan 15:5} Maaari tayong magnais na maging mas mabuti at gumawa ng mas mabuti. Maaari tayong makaramdam ng pagkakasala sa paggawa ng mali. Ngunit kung walang tulong ng Diyos, wala tayong kakayahang magkaroon ng tagumpay at kapangyarihan sa ating pagkatao ng laman. Kasama ba ninyo ako? Ang ating likas na tao ay nangingibabaw sa ating espirituwal na pagkatao. Ito ay naghahari, ito ay naghahari kahit na ang espirituwal na pagkatao ay ano pa rin? Nananatili, maging sa taong nahulog.

Hanggang siyempre - at kailangan kong ilagay ang kuwalipikasyong ito - sa pamamagitan ng kusang pagpapalugod, ganap na sinisira ng tao maging ang mga bakas ng kanyang budhi. At pagkatapos siya ay tanging at ganap na makalaman lamang. At iyon, siyanga pala, ang kalagayan na inabot ng sangkatauhan bago ang baha, nang **"ang bawat pag-iisip ng mga hangarin ng puso ng tao ay pawang kasamaan lamang sa tuwina."** {Genesis 6:5} At mga minamahal kong kaibigan, ang sangkatauhan ay mabilis na papalapit sa kalagayang iyon muli. **"Gaya ng mga araw ni Noe, gayundin naman ang mangyayari sa mga araw ng pagparito ng Anak ng Tao."** {Lucas 17:26} Ngunit marami pa ring may mga bakas ng espirituwal na pagkatao. **Ang larawan ng Diyos ay "nasira at halos nabura na,"** {Ed 15.2} sa mga salita ng inspirasyon, ngunit hindi pa ganap. Nakakasunod ba kayo dito?

Ngunit kahit nananatili ito, walang kakayahan sa ano? Maghari, kung walang kapangyarihang banal. At saan natin makukuha ang kapangyarihang banal na iyon? Nakukuha natin ang kapangyarihang banal na iyon kapag pumunta tayo sa paanan ng krus, at sumigaw ng ano? **"Likhain Mo sa akin ang isang malinis na puso, O Diyos, at baguhin Mo ang isang matuwid na espiritu sa loob ko."** {Awit 51:10} Kapag ginawa natin iyon, ano ang ginagawa ng Diyos? Binubuhay Niya at binibigyang lakas ang ating dating pinahihirapan na espirituwal na mga kakayahan. At binibigyan ng kapangyarihan at dinadalisay ang mga ito at pinapayagan ang mga ito na magkaroon ng ano? Ang pangingibabaw. Nakakasunod ba kayo dito? Tayo ngayon ay kung ano ang tinutukoy ng Bibliya bilang may isip na espirituwal, hindi na may isip na makalaman. Hindi na natin kailangang isaisip o sundin ang mga utos ng laman. Ngayon tayo ay may isip na espirituwal. Ngayon tayo ay may kapangyarihang isaisip, o sundin, ang mga utos ng Banal na Espiritu sa pamamagitan ng ating budhi. Kasama ba ninyo ako dito?

Ngunit dito, mga minamahal na kaibigan, ang tanong: Kapag nangyari ang supernatural na pagbabagong ito, ano ang nangyayari sa pagkatao ng laman? Ito ba ay basta na lang nawawala? Ito ba ay basta na lang hindi na umiiral, hindi na tayo guguluhin? Hindi, hindi talaga, nananatili pa rin ito. Ngayon, tandaan ninyo, hindi na ito naghahari, ngunit nananatili pa rin ito. Hindi na ito nangunguna, ngunit maniwala kayo nananatili pa rin ito. Kasama ba ninyo ako? Sa sambahayan ng aking sarili, hindi na ito naghahari, si Jesu-Kristo ang naghahari. Ngunit nananatili pa rin ito.

At dito ang kailangan nating lahat maintindihan, ang makasalananang pagkataong iyon, ang pagkatao ng laman, at tinatawag ito ng Bibliya na **"dating tao,"** {Roma 6:6} hindi siya kuntento sa pagiging nananatili lamang, hindi ba? Gusto niyang ano? Maghari. Hindi siya kuntento sa pagiging naninirahan lamang, gusto niyang mamuno. Gusto niyang makuha ang kontrol sa ating buhay muli, at siya ay patuloy na ginaganyak at hinihikayat na gawin ito ni sino? Ni Satanas at lahat ng nasa mundo at

sa mundo. At mga minamahal kong kaibigan, natukoy na natin ang salik ng pagsalungat. Iyan ang dapat nating labanan; iyan ang ating kinakaharap. **Manuscript Release, Volume 10, pahina 288: " Ang ating likas na mga hilig,"** ang ating ano? **" Ang ating likas na mga hilig,"** ang pagkatapos ng pagkahulog, dahil sa nangyari 6,000 taon na ang nakalipas sa Hardin ng Eden, **" Ang ating likas na mga hilig, maliban kung itinama ng Banal na Espiritu ng Diyos, ay may mga binhi ng moral na kamatayan. Ang laman kasama ang lahat ng kanyang mga udyok ay 'nagnanasa laban sa Espiritu at ang Espiritu laban sa laman.'"** Ipagpaumanhin mo.

Nakikita mo, wala na tayo ang dating mayroon ang ating unang mga magulang, at iyon ay banal na laman. Ano ang mayroon ang ating unang mga magulang? Banal na laman. Siyempre, ginawa sila ng Diyos na banal. At mayroon silang mga pagnanasa at damdamin na likas na ganap na naaayon sa banal na batas ng Diyos. At mayroon silang mas mataas na mga kakayahan na lubos na nagpapasakop sa banal na batas ng Diyos, at ganap na kontrolado ang mga likas na pagnanasa at damdamin na iyon, kaya't wala silang pagkahilig at sila ay patuloy na pinapamahalaan at pinapanatili sa pagsunod. Ngunit nang nagkasala ang tao, iyon ay lahat nagbago. Ngayon ang kanyang mababang pagkatao ay hindi banal. Ito ay tiwali, ito ay marumi at naguluhan ng pagkamakasarili. Magkakasama ba tayo dito? At bagaman ang pagkataong iyon, pagkatapos ng pagbabalik-loob, ay hindi na naghahari, ang pagkataong iyon ay ano pa rin? Nananatili, at iyan ang dahilan kung bakit dapat tayong laging maging mapagbantay, laging maging mapagbantay.

Si Pedro, sa **1 Peter 2:11**, ipinapayo niya sa atin, **" Mga minamahal, ipinamamanhik ko sa inyo..."** Naririnig ba ninyo ang pagkabalisa at kataimtiman sa kanyang tinig? **" Mga minamahal, ipinamamanhik ko sa inyo bilang mga nakikipamayan at manlalakbay, layuan ang,"** ano? **"... mga pagnanasa ng laman na nakikipagdigma laban sa kaluluwa."** Isa siyang nagsasalita sa mga ipinangangak na muling Kristiyano, hindi ba? Alam niya na mayroon pa rin silang ano? Mga pagnanasa ng laman. Dahil ang laman ay patuloy na nagnanasa laban sa Espiritu, maging sa ipinanganak na muling Kristiyano. At kaya buong puso niyang ipinamamanhik sa kanila: Mangyaring **"layuan ang mga pagnanasa ng laman na,"** ano? **"...nakikipagdigma laban sa kaluluwa."** Nakikita ninyo, ito ang hangarin ng dating tao, at ng kanyang mga kaalyado, ang kaharian ng kadiliman, na ibagsak si Jesu-Kristo, makipagdigma laban sa ating espirituwal na karanasan, at muling makuha ang pangigingibabaw sa ating mga buhay. Kailangan nating patuloy na maging mapagbantay.

Ngayon, ang pagnanasang ito, ang pagnanasa ng laman na dapat nating layuan, ano ang nasasaklaw nito? At pakiusap maintindihan ang malawak at pangkalahatang kahulugan ng salitang ito. Ang inspirasyon ay tumutulong sa atin na gawin iyon. **Review and Herald, Hulyo 28, 1891: " Ang pagnanasang ito ay hindi dapat maintindihan na tumutukoy lamang sa kahalayan, kundi sa,"** ano? **"... lahat ng hindi matuwid na mga pagnanasa, sa ambisyon, paghahangad ng kapangyarihan, pagnanasa sa papuri ng mga tao. Ito ay sumasaklaw sa lahat ng mga pagnanasa ng makasariling puso."** Iyan ay napaka-saklaw, hindi ba? Napaka-komprehensibo. **"...lahat ng mga pagnanasa ng makasariling puso."**

Ngayon, sa pagbabalik-loob, oo, tayo ay nakakakuha ng bagong puso, isang espirituwal na pagkatao. Ngunit pakikilala na mayroon pa rin tayong lumang, o makalamang, na pagkatao. Mayroon tayong makasariling puso na may makasariling mga hilig at pagnanasa. At kailangan nating patuloy na maging mapagbantay laban sa mga ito. **Testimonies, Volume 5, pahina 397: " Ang patuloy na labanan ay dapat mapanatili laban sa pagkamakasarili at kabulukan ng pusong pantao."** Nakikita ninyo, mayroon tayong dalawang puso, mayroon tayong dalawang pagkatao. Isa lamang ang maaaring maghari; ang isa ay nananatili. At kaya ano ang dapat patuloy na bantayan at kalabanin ng Kristiyano? **Testimonies, Volume 5, pahina 397: " Ang patuloy na labanan ay dapat mapanatili laban sa pagkamakasarili at kabulukan ng pusong pantao."** Narito ang isa pa, **Manuscript Release, Volume 21, 158: " Ang mga tao ng Diyos ay dapat maging mahinala sa kanilang mababang pagkatao."** Huwag itong pagkatiwalaan, mga kaibigan. **" Ang mga tao ng Diyos ay dapat maging mahinala sa**

**kanilang mababang pagkatao. Dapat silang makidigma laban sa mga pagnanasa ng laman. Ang masamang puso ng kawalang-paniniwala ay patuloy na nakikipagdigma sa mga layunin ng Diyos, tinutukso ang mga kaluluwa palayo sa tabi ni Kristo tungo sa mga ipinagbabawal na landas."**

Nakikita ba ninyo, mga minamahal kong kaibigan, sa karanasan ng Kristiyano kung gayon, ang pangunahing salik ng pagsalungat, kaaway bilang isa na dapat nating labanan, ay ano? Ito ang ating sariling makasariling pagkatao; ito ang sarili. Ito ay ano? Ito ang sarili! O, pakikilala ito. Nakikita ninyo, karamihan sa mga Kristiyano ay nag-iisip na ang kaaway bilang isa ay si Satanas. At oo, si Satanas ay isang kahindik-hindik na kaaway, ngunit pakiusap maintindihan, ang kaaway na dapat nating katakutan nang higit ay ang nananahan sa loob ng kampo. Ito ang dating tao na nananatili pa rin, at likas na kaalyado at ganap na nakaayon kay Satanas at sa kaharian ng kadiliman. At **siya ay**, siyanga pala, **mapanlinlang higit sa lahat ng bagay at lubhang masama. {Jeremias 17:9}** At talagang magaling siya sa pagbabalatkayo, at pagpapaisip sa iyo na ang pagbibigay-lugod sa kanya ay hindi paggawa ng mali, ito ay tama lang. Pakiingat; maging mahinala. Gusto ko ang sinasabi ng inspirasyon doon: "**Ang mga tao ng Diyos ay dapat maging mahinala sa kanilang mababang pagkatao.**" Maging napaka-napaka-maingat tungkol sa mga pagnanasang nagmumula sa iyong sariling puso, sa iyong makasariling puso.

Ngayon, ang pahayag na ito ay magandang bumubuod sa kung ano ang kababahagi lamang natin, at nais kong basahin ito sa inyo. Ito ay matatagpuan sa **Acts of the Apostles, pahina 476 at 477. "Ngunit dahil ang karanasang ito ay kanya..."** Huminto. Sa konteksto, ang karanasang ito ay tumutukoy sa pagbabalik-loob, tama? Ang paglalakbay na iyon sa paanan ng krus kung saan tayo tumatanggap ng bagong puso. "**Dahil ang karanasang ito ay kanya, ang Kristiyano ay hindi dapat magtiklop ng kanyang mga kamay, kuntento sa kung ano ang natupad para sa kanya.**" Baket? "**Siya na nagpasya na pumasok sa espirituwal na kaharian ay matatagpuan na lahat ng mga kapangyarihan at pagnanasa ng hindi muling ipinanganak na kalikasan,**" Ano ang pinag-uusapan natin? Ang laman. "**... lahat ng mga kapangyarihan at pagnanasa ng hindi muling ipinanganak na kalikasan, na sinusupportahan ng mga puwersa ng kaharian ng kadiliman,**" Sino iyon? Si Satanas at lahat ng kanyang mga hukbo. "**... ay nakahanay laban sa kanya.**" Naku, kahanga-hangang salik ng pagsalungat, mahal na kaibigan! Ang mga nagbalik-loob, ano ang kanilang matatagpuan? Matatagpuan nila na ang dating tao, kaalyado ng kaharian ng kadiliman, ay nasa pagsalungat, nakahanay laban sa kanila. Ang tunay na nagbalik-loob ay mararanasan iyon. Magpatuloy sa pagbabasa: "**Bawat araw siya ay dapat magbago ng kanyang pagtatalaga, bawat araw makipaglaban sa,**" ano? "**...kasamaan.**" **Bawat araw!** Ngayon, ano itong kasamaan na dapat niyang labanan ng partikular, gayunpaman? Pinasalamat ko nang lubos ang kasunod. Talagang tinutulungan tayo nito na maintindihan ang ating kinakaharap. "**Ang mga dating kaugalian at namana na mga hilig sa mali, ay magsisikap para sa paghahari, at laban sa mga ito siya ay dapat laging maging mapagbantay, nagsisikap sa lakas ni Kristo para sa tagumpay.**" O, mga minamahal kong kaibigan, ito ay isang kahanga-hangang salik ng pagsalungat. Ngunit purihin ang Diyos, Siya na nasa atin ay higit na dakila kaysa sa siyang laban sa atin. May maririnig ba akong "amen"? {Amen} Ngunit kakailanganin nito ang patuloy na labanan sa lakas ni Kristo upang makamit at mapanatili ang tagumpay sa mga dating kaugalian at, ano? **namana na mga hilig.** Iyan ang kasamaan na dapat nating araw-araw na labanan bilang mga ipinanganak na muling Kristiyano.

Ngayon, magtulungan tayo dito: **mga dating kaugalian at namana na mga hilig.** Sa liwanag ng katotohanang iyan ang dapat mapagtagumpayan ng ipinanganak na muling Kristiyano at iyan ang sumasalungat sa kanya, iyan ang sumasalungat sa kanya, araw-araw pagkatapos ng pagbabalik-loob, hindi ba natin makikita na ang isang Kristiyano ay maaaring may higit na matinding salik ng pagsalungat na haharapin kaysa sa iba? Nakikita ba ninyo iyan? Kung ito ay **mga dating kaugalian at namana na mga hilig,** nakikita ba ninyo na ang isa ay maaaring may mas malakas, mas makapangyarihang dating tao na lalabanan kaysa sa iba?

Hayaan akong magbigay ng halimbawa. Kunin natin si Jimmy, tama? Walang personal kung may mga Jimmy tayo dito ngayong gabi, para lamang sa halimbawa. Kunin natin si Jimmy. Ngayon si Jimmy ay ipinaglihi ng mga walang takot sa Diyos na mga magulang, napaka-sariling mga magulang. At sa pamamagitan ng batas ng pagkamana, si Jimmy ay tumanggap ng kakila-kilabot na karapatang likas. Siya ay may labis na pagkahilig sa kasamaan sa eksaktong mga parehong lugar kung saan ang kanyang mga magulang. May salik ng pamana, mga minamahal kong kaibigan. Nakikita natin ito malinaw na ipinapakita sa halimbawa ng mga "crack babies." Narinig na ninyo iyon? Mga sanggol na ipinanganak na adik sa "crack," dahil sila ba ay nagpalugod? Hindi, dahil ang nanay ay nagpalugod, ngunit tinanggap nila ito bilang karapatang likas. At iyon ay isa lamang halimbawa sa mas malinaw na larangan ng pisikal na pagkalulong. Ngunit mga minamahal kong kaibigan, may mas marami pang mas banayad na mga hilig at pagkahilig na ipinapasa sa pamamagitan ng batas ng pagkamana. Ngayon si Jimmy, sa pamamagitan ng batas ng pagkamanang ito, ay lubhang napagkaitan mula sa araw ng kanyang kapanganakan. Sa totoo lang, mula sa sandali ng kanyang pagkabuo, maaari nating sabihin.

At karaniwan, sundan ito: Karaniwan, ang parehong mga magulang na walang takot sa Diyos na lubhang nagpahirap kay Jimmy sa pamamagitan ng batas ng pagkamana ay lalo pang nagpapahirap kay Jimmy sa pagkabigong magpatupad ng banal na disiplina sa pagpapalaki sa kanya, tama? Karaniwan. Kaya kawawa ang munting Jimmy, siya ay, alam mo... ayaw ng nanay na may anumang bagay na mag-alis ng oras para sa kanyang sarili, kaya ano ang ginagawa niya? Bumibili siya ng malaking TV, at inilalagay niya si Jimmy sa harap nito, at hinahayaan siyang manood ng kahit ano. **At ang kaaway ay talagang may magandang pagkakataon sa pagprograma ng kanyang munting madaling maimpluwensyahan na isipan ng lahat ng uri ng basura.** {AH 284.2} Nang si Jimmy ay medyo tumanda na, siya ay lumalabas, tumatakbo, at pinayagan na maglaro kasama ang sinuman, at natututo siya ng lahat ng uri ng masamang kaugalian mula sa mga kasamang walang takot sa Diyos, at ang mga namana na hilig ay nagiging sinasanay na hilig, at siya ay nagkakaroon ng maraming bagong, maling gawain at kaugalian mula sa kanyang pamumuhay. Hindi ba ninyo nakikita na kapag si Jimmy ay pumunta sa paanan ng krus... At siyanga pala, **Ang biyaya ng Diyos ay sapat** kahit na para iligtas ang mga Jimmy. {2 Corinto 12:9} Oo talaga! Hindi ba ninyo nakikita, gayunpaman, na kapag si Jimmy ay pumunta sa krus, siya ay magkakaroon ng mas matinding salik ng pagsalungat na lalabanan, mula sa araw na iyon pasulong, kaysa kay Johnny.

Ngayon, sino si Johnny? Buweno, si Johnny ay ipinaglihi ng mga banal na magulang, mga magulang na mga mapagtagumpay. At sa pamamagitan ng batas ng pagkamana, si Johnny ay tumanggap ng napakalaking kalamangan bilang karapatang likas. Ngayon, pakiusap huwag dalhin iyon ng masyadong malayo; huwag ninyo akong maintindihan ng mali. Iminumungkahi ko ba na kung tayo ay "pumili ng ating mga magulang nang mabuti," tayo ay maaaring ipanganak na walang anumang mga hilig o pagkahilig sa kasalanan? O hindi, mga minamahal kong kaibigan; walang sinuman ang "ipinanganak na ipinanganak na muli." Oo, maaari tayong tumanggap ng napakalaking kalamangan, isang mas hindi gaanong radikal na pagkahilig sa kasamaan, sa pamamagitan ng pagkakaroon ng mga banal na magulang. Ngunit tayong lahat; ilan sa atin? Tayong lahat ay may pagkahilig sa kasamaan, isang **puwersa, na kung walang tulong ay hindi natin kayang labanan.** Pansinin kung paano malinaw na isinasaad ito ng inspirasyon para sa atin. Ito ay nasa itaas ng pahina 46. **Edukasyon, pahina 29: "Ang bunga ng pagkain sa punungkahoy ng kaalaman ng mabuti at masama ay makikita sa karanasan ng bawat tao."** Iyan ay kasama si Jimmy, hindi ba? At si Johnny. **"Ang bunga ng pagkain sa punungkahoy ng kaalaman ng mabuti at masama ay makikita sa karanasan ng bawat tao. May pagkahilig sa kanyang kalikasan tungo sa kasamaan, isang puwersa na, kung walang tulong, ay hindi natin kayang labanan."** Kaya maging ang mga Johnny ay may ano? **"isang pagkahilig sa kasamaan, isang puwersa na, kung walang tulong, ay hindi niya kayang labanan."**

Ngunit pakinggan ninyo ako, sundan: Ang pagkahilig na iyon sa kasamaan ay maaaring maging mas malaki o mas maliit. Tayong lahat, bilang mga inapo ni Adan, na kumain sa punungkahoy ng

kaalaman ng mabuti at masama, ay tiyak na magkakaroon ng pagkahilig sa kasamaan. Ngunit ano ang nagtutukoy kung gaano karami ang pagkahilig na iyon? Ano ang nagtutukoy kung anong partikular na uri ng kasamaan ang ating hilig? Ito ang ating mas malapit na angkan. **"Dinadalaw ang mga kasamaan ng mga ama sa mga anak hanggang sa,"** ano? **"...ikatlo at ikaapat na salinlahi."** {Exodo 20:5} Hayan na. Iyan ang nagtutukoy ng partikular na pagkahilig sa kasamaan na tinatanggap ng bawat isa sa atin bilang pamana. Ito ang ating mas malapit na angkan.

At siyanga pala, mahalaga ba na isaalang-alang iyan? Mahalaga ba? O, mga minamahal kong kaibigan... **Testimonies, Volume 4, pahina 439: "Mabuting alalahanin na ang mga hilig ng pagkatao ay naipapadala mula sa mga magulang patungo sa mga anak. Pagnilayan nang mabuti ang mga bagay na ito, at pagkatapos sa takot sa Diyos ay isuot ang baluti para sa isang pakikipaglaban sa buhay laban sa mga namana na hilig, hindi tularan ang sinuman maliban sa banal na Halimbawa. Kailangan mong gumawa nang may pagtitiyaga, katatagan, at sigasig kung nais mong magtagumpay. Kailangan mong pagtagumpayan ang iyong sarili."** Sino ang kailangan mong pagtagumpayan? Ang iyong sarili! **"... na siyang magiging pinakamahirap na labanan sa lahat. Ang tiyak na pagsalungat sa iyong sariling mga gawi at iyong maling mga kaugalian ay magdudulot sa iyo ng mahahalagang at walang hanggang mga tagumpay."**

Ngunit mga minamahal kong kaibigan, ito ay magiging isang labanan. Lalo na itong magiging isang labanan para kanino? Sa mga Jimmy. Ngayon, si Johnny, balikan natin si Johnny; hindi pa tayo tapos sa kanya. Ang parehong banal na mga magulang na nagbigay sa kanya ng kalamangan sa pamamagitan ng batas ng pagkamana, ay kadalasang lalo pang magbibigay sa kanya ng kalamangan sa pamamagitan ng pagpapatupad ng banal na disiplina sa pagpapalaki sa kanya. Tama? Oo. Maingat at may budhi silang poprotektahan siya mula sa maling mga impluwensya sa kanyang batang, madaling maimpluwensyahan na isipan. Hindi nila siya palalakin sa harap ng telebisyon. Ngunit sasabihin nila sa kanya ang mahahalagang kuwento ng Salita ng Diyos, at tungkol sa pag-ibig ni Jesus. At poprotektahan nila siya mula sa negatibong impluwensya ng maling mga kasama. Maingat nilang babantayan kung sino ang kanyang mga kasamang gumagala, sapagkat nauunawaan nila ang makapangyarihang impluwensya na magkakaroon ang kanyang mga kapantay sa kanya. At gagabayan nila siya, sa napakabatang edad, sa paanan ng krus, at siya ay makakaranas ng tunay na pagbabalik-loob. Ngayon, hindi ba ninyo nakikita kung paanong si Johnny ay magkakaroon ng mas hindi gaanong mahirap na salik ng pagsalungat na haharapin, pagdating sa **mga dating kaugalian at namana na mga hilig**, kaysa kay Jimmy? Nakikita ninyo iyan, hindi ba?

Ngayon, mga minamahal kong kaibigan, bakit natin binuo ito? Buweno, para sa ilang mga dahilan: Una sa lahat, pakiusap maintindihan na kailangan nating isaalang-alang ang mga bagay na ito habang tayo ay nakikitungo sa isa't isa. Nais kong ulitin iyon. Kailangan nating isaalang-alang ang mga bagay na ito habang tayo ay ano? Nakikitungo sa isa't isa. Nakikita ninyo, ang talagang, talagang mahirap ay para sa mga Johnny na maging mapagpasensya sa mga Jimmy. Bakit? Dahil wala silang ideya kung ano ang kanilang pinagdadaanan. Naririnig ba ninyo ang sinasabi ko sa inyo? At siyanga pala, alam ba ninyo kung ano ang talagang mahirap? Ito ay kapag ang isang tao mula sa hanay ng mga Johnny ay nagpakasal sa isang tao mula sa hanay ng mga Jimmy. Iyan ay talagang mahirap, at iyan ay nangyayari. Isinasaalang-alang ba ng Diyos ang mga bagay na ito habang nakikitungo sa atin? Ginagawa ba Niya? Lubos, mga minamahal kong kaibigan, lubos.

Ngayon pakiusap, huwag ninyo akong maintindihan ng mali gayunpaman. Sinasabi ba ng Diyos sa mga Jimmy, *"Alam mo, ikaw ay lubhang napagkaitan, sasabihin ko sa iyo, basta pagwawalang bahala ko na lang iyan. Basta hindi ko na lang papansinin ang pagpapalugod na iyan. Sige na lang hayaan ka nating pagbigyan iyan."* Iyan ba ang sinasabi ko? Hindi, tiyak na hindi. Hindi iyon. Ngunit sinasabi ko ito, mga minamahal kong kaibigan, **"Kung saan sumasagana ang kasalanan, lalo pang sumasagana ang biyaya."** {Rom 5:20} May maririnig ba akong "amen"? {Amen} Mga Jimmy magkaroon kayo ng tapang! Hindi ko alintana kung gaano kayo napagkaitan dahil sa inyong mga

namana at sinasanay na hilig sa kasamaan, ang Kanyang biyaya ay sapat. Pakinggan ang magandang pangakong ito. Nais kong ibahagi ito sa mga Jimmy. At maaaring may ilan dito ngayong gabi. Ilalim ng pahina 45, **Desire of Ages, pahina 440: " Ang mga anghel ng kaluwalhatian, na laging tumitingin sa mukha ng Ama sa langit, ay nagagalak sa paglilingkod sa Kanyang maliliit. Ang mga nanginginig na kaluluwa, na may maraming katangiang dapat tutulan, ay kanilang,"** ano? "...natatanging pananagutan. Ang mga anghel ay laging naroroon kung saan sila ay pinakakinakailangan, kasama ang mga may pinakamatinding labanan sa sarili na lalabanan, at ang kapaligiran ay pinakapanghihina ng loob. At sa ministryong ito ang mga tunay na tagasunod ni Kristo ay makikipagtulungan." Naririnig ba ninyo iyan mga Johnny? Kailangan nating maging mas mapagpasensya sa mga Jimmy. May maririnig ba akong "amen"? {Amen} Ang Diyos ay, ang Diyos ay.

Ngayon, mabilis, maging ikaw ay isang Jimmy o isang Johnny, gaano katagal... O kung saan man sa pagitan, at nauunawaan ninyo kung ano ang ginawa lang natin. Inilarawan natin ang mga sukdulan. Karamihan sa atin ay nasa kung saan sa pagitan ng dalawang sukdulang iyon, tama? Ang ilan sa atin ay maaaring nasa gitna mismo, ang ilan sa atin ay mas papunta sa panig ni Jimmy sa sukatan, ang ilan sa atin ay mas papunta sa panig ni Johnny. Ngunit maging ikaw ay isang Jimmy o isang Johnny, o nasa kung saan sa pagitan, gaano katagal mo kailangang labanan ang salik ng pagsalungat na tinatawag na laman? Gaano katagal? Hanggang sa kamatayan o pagluluwalhati, alinman ang mauna. O, mga minamahal na kaibigan, hayaan akong tiyakin ito; pakiusap maintindihan ito. Kailangan nating labanan ang salik ng pagsalungat na tinatawag na laman, kasama ang dating tao, hanggang sa kamatayan o pagluluwalhati, alinman ang mauna. Nakita ninyo, pakinggan ninyo ako.

Nais kong gumawa ng radikal na pahayag, ngunit ipinagtibay kong ito ay totoo. Bakit kailangan nating patuloy na labanan ang dating tao? Kasama ang pagkatao ng laman? Dahil ang dating tao ay hindi kailanman nagbabalik-loob. Narinig ba ninyo ang sinabi ko? Ang dating tao ay ano? Hindi siya kailanman nagbabalik-loob. Iyan ang eksaktong dahilan kung bakit **kailangan mong mamatay sa kanya araw-araw. {1 Corinto 15:31}** Dapat mo siyang mapagtagumpayan, hanggang sa **"sa isang sandali sa isang kisap-mata," {1 Corinto 15:52}** siya ay tuluyang mabubunot, at makakakuha ka ng banal na laman. Nakikita ninyo, mga kaibigan ko, walang ganitong bagay na banal na laman sa panig na ito ng pagluluwalhati. Iyan ang dahilan kung bakit kailangan nating ipako sa krus ang laman kasama ang mga pagnanasa at hangarin nito araw-araw. May maririnig ba akong "amen"? {Amen} Kung siya ay nagbalik-loob, hindi mo na kailangang gawin iyan. Ngunit hindi siya nagbabalik-loob! Ang dimensyong iyon ng iyong pagkatao ay walang pag-asang sumasalungat, walang pag-asang sumasalungat sa kalooban at kapangyarihan ng Diyos. Iyan ang dahilan kung bakit kailangan mong pagtagumpayan ito sa bawat araw ng iyong buhay. May maririnig ba akong "amen"? {Amen} Nauunawaan ba ninyo ito?

Pansinin kung paano ang labanang ito ay nagpapatuloy at tuloy-tuloy:

**Testimonies, Tomo 4, pahina 439: "Isuot ang baluti para sa habang-buhay na labanan sa mga namana na hilig..."** Gaano katagal? Habang-buhay.

**Testimonies, Tomo 2, pahina 479: "Ang patuloy na digmaan laban sa isip na makalaman ay dapat mapanatili..."** Anong uri ng digmaan? Patuloy na digmaan.

**Testimonies, Tomo 3, pahina 537; Pakinggan ito: " Ang Diyos ay humuhubon ng puso tungo sa isang bagay na mas katulad Niya. At gayunpaman ang sarili ay patuloy na sumisigaw para sa tagumpay."**

Naku, alam mo ang pangangatwiran ng tao ay magsasabi, *"Buweno kung ang Diyos ay, alam mo, kung Siya ay humuhubon ng aking puso tungo sa isang bagay na mas katulad Niya, kung gayon ako ay magkakaroon ng mas kaunti at mas kaunting pagsalungat hanggang sa huli ako ay lubos na pinaging-banal na wala na akong anuman."* Hindi ba't iyan ang sasabihin ng pangangatwiran ng tao? Mga minamahal kong kaibigan, huwag magtiwala sa pangangatwiran ng tao. Oo, hinuhubog ng Diyos ang

inyong bagong puso, ang inyong bagong pagkatao nang higit at higit pa sa Kanyang wangis, ngunit mayroon ka pa ring ano? Itong lumang pagkatao, at hindi siya kailanman nagbabalik-loob. At siya ay laging sasalungat sa iyo. Iyan ang dahilan kung bakit, bagaman **"Ang Diyos ay humuhubon ng puso tungo sa isang bagay na mas katulad Niya, gayunpaman ang sarili ay sumisigaw,"** ano? **"patuloy para sa tagumpay."** Alam mo iyan mula sa personal na karanasan, kung ikaw ay tunay na ipinanganak na muli, at lumalaban sa mabuting pakikipaglaban ng pananampalataya, gayunpaman.

Narito ang isa pa; **Ang Mga Gawa ng mga Apostol, pahina 565: "Ang Kanyang mga anak... ay dapat magpanatili ng patuloy na labanan sa sarili."** Anong salita ang paulit-ulit mong naririnig? **Patuloy, patuloy, patuloy.**

Narito ang isa pa; **Ang Review and Herald, Mayo 30, 1882: "Dapat tayong araw-araw na magsikap laban sa panlabas na kasamaan at,"** Ano pa? **"... panloob na kasalanan."** **"Araw-araw na magsikap laban sa panlabas na kasamaan, oo, ngunit ano pa? "...panloob na kasalanan."**

Ano itong panloob na kasalanan? Ito ang malaking S-I-N, ang makasalanang pagkatao, ang makasariling pagkatao. Bagama't hindi na ito naghahari, ito ay ano pa rin? Nananatili. Ngunit hindi ito kuntento na basta nananatili lamang, kaya kailangan nating **araw-araw na magsikap laban sa panloob na kasalanan,** sapagkat ito ay patuloy na sinusubukang mabawi ang trono, mabawi ang trono.

Ngayon, narito ang isa na partikular kong pinasasalamat dahil hindi lamang nito minarkahan ang simula ng labanan, kundi minarkahan din nito ang katapusan, isinasaad ang buong tagal. Makinig nang mabuti; **Review and Herald, Nobyembre 29, 1887: "Mula sa krus hanggang sa,"** ano? **"... korona,"** Simbolikong pananalita. Babalik tayo at ipapaliwanag ito. **"Mula sa krus hanggang sa korona ay may taimtim na gawain na dapat isagawa. May pakikibaka sa likas na kasalanan; may pakikidigma laban sa panlabas na kasamaan. Ang buhay Kristiyano ay isang labanan at isang pagmartsa. Tayo ay sumulong, sapagkat tayo ay nagsisikap para sa isang walang hanggang korona."** Nakikita mo ba? Gaano katagal ang labanan? Kailan ito nagsisimula? Sa **krus.** Ano ang simbolo nito? **Pagbabalik-loob. {AA 246.1}** Ito ang pinag-usapan natin kagabi, o kahapon. Kapag tayo ay tinutulak ng batas at hinihila ng Kordero, at tayo ay sumisigaw, **"Likhain Mo sa akin ang isang malinis na puso, O Diyos, at baguhin Mo sa loob ko ang matuwid na espiritu."** {Awit 51:10} Iyan ang sandali ng ating pagbabalik-loob; iyan ang sandali ng ating muling kapanganakan. At iyan ang sandali kung kailan ang labanan ay ano? Nagsisimula, pagpalain ang inyong mga puso! Alam ninyo, maraming tao ang nag-iisip na kapag sila ay nagbalik-loob na, tapos na ang labanan. Hindi po! Ang labanan ay nagsisimula lamang kapag ikaw ay nagbalik-loob na, ang espirituwal na labanan, ang labanan para sa pamamahala ng isip. Hindi mo mailalaban ang labanang ito hangga't hindi ka nagkakaroon ng bagong isip.

At ang labanang iyan ay magpapatuloy hanggang kailan? **Mula sa krus hanggang sa,** ano? **...korona.** Ano ang korona? Iyan ang korona ng kawalang-kamatayan, ang korona ng kawalang-kasiraan. Iyan ang ating tatanggapin **"sa isang sandali, sa isang kisap-mata sa,** ano? **...huling trumpeta."** {1 Cor 15:52} Makakarinig ba ako ng "amen"? {Amen} **Mula sa krus hanggang sa korona, may pakikibaka sa,** ano? **likas na kasalanan.**

Ano nga ba talaga ang likas na kasalanan? **Historical Sketches, pahina 138: "Ang pagkamakasarily ay nalalakip sa ating pinakakatauhan. Ito ay dumating sa atin bilang isang pamana..."** Iyan ang likas na kasalanan. At ang makasariling pagkatao na ito ay ating kakaharapin sa buong tagal ng ating buhay Kristiyano. Ngayon, pagpalain ang inyong mga puso, kung ito ay tunog nakakawalan ng pag-asa, mangyaring bumalik tayo at pag-isipan pa kung paano tayo hindi lamang makakalaban at mananaig, kundi maging mapagpala sa paggawa nito. At pinapanindigan ko na may pagpapala sa **pakikipaglaban** at pagwawagi ng **mabuting pakikilaban** {1 Tim 6:12} laban sa puwersang sumasalungat na tinatawag na laman. Ngunit tayo ay tumayo para sa panalangin, at pagkatapos ng maikling pahinga, ipagpapatuloy natin ang ating pag-aaral.

*Ama sa langit, lubos po kaming nagpapasalamat sa pagtulong Ninyo sa amin upang mas maunawaan ang sumasalungat sa amin habang kami ay nagpapatuloy tungo sa layunin, at nagsisikap na makipagtulungan sa Banal na Espiritu at mabago mula sa kaluwalhatian tungo sa kaluwalhatian sa pamamagitan ng pagbabago ng aming mga isip. May nananahan sa loob namin na puwersang sumasalungat na tinatawag na laman, at ito ay sasalungat sa amin sa bawat hakbang ng aming paglalakbay. Ang laman ay patuloy na naglalagay ng mga pagnanasa nito laban sa aming espirituwal na pagkatao. Ngunit Panginoon, turuan Ninyo po kami, hindi lamang kung paano mapagtagumpayan ito, kundi tulungan Ninyo rin kaming matutuhan na sa paggawa nito, kami ay tumatanggap ng napakalaking pagpapala. At iyan ang dahilan kung bakit Ninyo pinahintulutan ang puwersang sumasalungat na ito na manatili, at iyan ang dahilan kung bakit Kayo ay nagbibigay ng sapat na biyaya upang pigilan ito sa paghahari. Tulungan Ninyo kaming maunawaan ang mga bagay na ito habang kami ay nagpapatuloy sa aming pag-aaral, ito ang aming dalangin sa pangalan ni Hesus. Amen. Salamat, mga minamahal na kaibigan.*